# INTERNATIONAL NAPASA ( November 5th, 2024 )

## 1)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa November 10 (Sunday) magkakaroon ng open market na “***SUNSUN・MARCHE”*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa November 9 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***HOKKAIDO CONSADOLE SAPPORO.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 2:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 3)NAGHAHANAP NG TITIRA SA PABAHAY NG MUNISIPYO NG HIRATSUKA CITY

平塚市の市営住宅の入居者の募集のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay naghahanap ng titira sa pabahay ng munisipyo. Para sa mga detalye ukol sa paghahanap ng mga maninirahan ay makakakuha ng gabay sa paninirahan at Application Form sa Information Window, 1st Floor ng Hiratsuka City Office o kaya sa mga Community Hall ng bawat distrito. Maaaring mag-simula ng paninirahan mula March 1 ng taong 2025. Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang November 15 (Wednesday). Para sa iba pang mga katanungan ukol sa bagay na ito ay maaaring makipag-alam sa ***TOKYU COMMUNITY*** Telephone No. **0463-74-4005 (0463-74-4005).**

## 4)PAGPAPAALAM UKOL SA SENGEN FESTIVAL

浅間祭お知らせ

Sa November 9 (Saturday) at November 10 (Sunday) ay magkakaroon ng 2 araw na ***SENGEN FESTIVAL*** sa Youth Hall ng Hiratsuka City. Ang oras sa November 9 ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 4:00 ng hapon at sa November 10 naman ay mula 10:00 ng umaga hanggang 3:30 ng hapon. May mga nakahanay na pagkain tulad ng Crepe, Yakitori, Okonomiyaki at mga pagkaing luto ng Brazil. At sa stage naman may mga tugtugin ng banda at mga katutubong sayaw ang mapapanood. May classroom sa

paggawa ng tutubing gawa sa kawayan, Bound Tennis Classroom at Bamboo Craft Classroom. Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa ***YOUTH SECTION*** ng Hiratsuka City Office. **Telephone Number 0463-71-5950 (0463-71-5950).**